

# Mga Nangungunang Madalas Itanong o FAQ sa Bakuna ng COVID-19

Ang mga bakuna ang natatanging tuklas ng siyensya na sa karamihan ay nakapagpahaba sa inaasahang tagal ng buhay. Ang pagpapabakuna lamang ang tanging paraan upang mawakasan itong pandemya at makabalik sa ating normal na mga buhay.

Protektahan ang iyong sarili, mga mahal mo sa buhay, at iyong komunidad sa pamamagitan ng pagpapabakuna.

## Bakit dapat akong magpabakuna?

Ang pagkahawa sa COVID-19 ay maaaring magresulta sa pagkamatay ng may sakit at malusog na mga tao sa anumang edad.

Kahit na hindi mamatay ang isang tao dahil sa COVID-19, maaaring magkaroon ng pangmatagalang kumplikasyon kabilang ang pagkawala ng memorya, pagkahapo, hindi maipaliwanag na hirap sa paghinga, at pinsala sa baga at puso. Naihanda na ang mga klinika upang sumuporta sa maraming pasyente ng COVID-19 na, kahit wala na silang impeksiyon, ay hindi pa makakabalik sa trabaho o mabubuhay nang normal.

## Paano tumatalab ang bakuna?

Tinuturuan ng bakuna ang immune system ng ating katawan kung paano lumaban sa virus at protektahan tayo mula sa pagkakasakit kung nalantad tayo sa COVID-19. Ang bakuna ay hindi makapagbibigay sa iyo ng COVID-19.

## Ano ang herd immunity at bakit ito mahalaga?

Kung sapat na dami ng tao na ang may immunity, hindi gaanong malamang na kumalat ang virus. Kailangan nating bakunahan ang 70-80% ng populasyon upang makamit ang herd immunity at makabalik sa ating pang-araw-araw na buhay, muling magbukas ng mga negosyo, yakapin at makitang muli ang ating mga mahal.

## Nagkaroon na ako ng COVID-19. Dapat pa rin ba akong magpabakuna?

Kahit nagkaroon ka ng COVID-19 dati, hindi tiyak kung hanggang kailan magtatagal ang immunity. Posible na magkaroon ulit ng COVID-19. Dapat ka pa ring magpabakuna upang protektahan ang sarili mo at ang iba.

## Kailangan ko pa rin bang mag-mask at dumistansya sa iba pagkatapos mabakunahan?

Oo. Mahalaga pa rin na ugaliin ang mga hakbang sa pampublikong kalusugan hanggang sa karamihan sa mga tao ay nabakunahan.

## Gaano katagal para maging immune pagkatapos kong tumanggap ng bakuna?

Isa hanggang dalawang linggo pagkatapos ng ikalawang dosis bago makagawa ng immunity ang katawan pagkaraan ng pagbabakuna. Maaaring mahawahan ang isang tao ng virus bago o pagkatapos mismo ng pagpapabakuna at magkasakit, dahil hindi nagkaroon ang bakuna ng sapat na panahon para magbigay ng proteksiyon.

## Minadali ba ang bakuna?

Walang hakbang na nilaktawan, at sinunod ang lahat ng pamamaraang pangkaligtasan. Nagawa nang mabilis ang mga bakuna dahil sa pagsulong sa teknolohiya at dahil pinabilis ang hindi medikal na bahagi ng pag-aapruba (burukratikong mga proseso at basta-bastang pag-aapruba).

## May mga side effect ba?

Maaaring magkaroon ng mga side effect mula sa bakuna ng COVID-19, pero karaniwang hindi ito malala at nawawala nang ilang araw. Ang pinakakaraniwang mga side effect ay pananakit ng kalamnan, sakit ng ulo, at lagnat/panginginig.

Susubaybayan ka para sa anumang potensyal na allergic na reaksiyon pagkatapos ng bakuna.

## Ligtas ba ang bakuna?

Ligtas ang immunization. Talagang mas ligtas na ma-immunize kaysa mahawaan ng sakit na ito at posibleng magdusa sa pangmatagalang mga side effect. Milyong-milyong Canadian ang nakatanggap na ng bakuna at naipakitang ligtas ang mga bakuna. Hindi kayang baguhin ng bakuna ang iyong DNA.

Kung may kasaysayan ka ng malubhang allergic na mga reaksiyon, huminang immune system, o ikaw ay buntis, kumonsulta sa iyong doktor bago ka magpabakuna.

